1

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kuwarter 1

Linggo 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 1**
**Kuwarter 1: Linggo 8**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:**
**Tagasuri:** Dr. CONCHITA YUMOL / EDUARDO M. AGUILAR
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ANDREW E. TAN**, AP Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

| **MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin** | **Paaralan:** | | **Baitang:** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | **Asignatura:** | **Makabansa** |
| | **Petsa at Oras ng Pagtuturo:** | | **Kuwarter:** | **1** |

| | **UNANG ARAW** | **IKALAWANG ARAW** | **IKATLONG ARAW** | **IKAAPAT NA ARAW** |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Napahahalagahan ang pansariling kakayahan | | | |
| *D. Mga Layunin* | Naiisa-isa ang pansariling kakayahan at talento sa malikhaing paraan.<br>(Halimbawa: pagguhit) | Naibabahagi ang<br>pansariling kakayahan at talento sa malikhaing<br>paraan (Halimbawa: pagguhit) | Naisasagawa ang pansariling<br>kakayahan at talento sa malikhaing paraan<br>(Halimbawa: pagsasagawa ng kilos) | Nailalahad ang pansariling kakayahan at talento sa malikhaing paraan (Halimbawa: pagsasagawa ng kilos) |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **ANG BAWAT TAO AY NATATANGI** | | | |
| | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Araling Panlipunan -Unang Baitang Kagamitan ng Mag-aaral | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *B. Iba pang Kagamitan* | Laptop, larawan | | | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Balik-aral:<br>*Tatanungin ng guro ang mga mag-aaral.*<br>1. Ano-ano ang karapatan at tungkulin ng bawat bata?<br>2. Bakit mahalaga ang pag-iimpok ng pera?<br>Pagganyak:<br>Tingnan ang larawan sa ibaba.<br><br> | Balik-aral:<br>Gawain: Bongga Ako<br>(MUSIKANG GAGAMITIN: Bongga ka day!<br>Sa OPM music na ito makikita na ang bawat isang bata ay may kakayahang maging Bongga o may kahanga-hangang kagandahan, o kapansin-pansing estilo o katangian.<br>Patugtugin ang musikang Bongga ka Day. Sa simula ng awitin sa lirikong “Hala, Hala, Hala, Hala ahhhhh” ay pag-isipin ang mga bata ng mga “POSE” kung saan sila ay malayang mag-isip ng kaniya-kaniyang estilo ng galaw (pose) upang maipahayag ang kanilang mga malikhaing kaisipan sa larangan ng Sining (choreography).<br>Tuturuan ng guro ng mga hakbang “steps” ang mga mag-aaral. (buong musika) | Isaayos ang mga letra para mabuo ang salita. Isulat sa patlang ang tamang sagot.<br>1. yawmasu<br>Si Ana ay mahilig ___ kapag nakakarinig ng tugtog.<br>2. guhitmu<br>Si Asya ay ____ ng mga magagandang tanawin.<br>3. mankuta<br>Maraming bata ngayon ang mahilig ____ng musika ni Sarah Geronimo.<br>Ipapabasa ng guro sa mga | 1. Balik-aral<br>Buoin ang puzzle (larawan ng batang nagpipinta).<br><br>• Ano ang inyong nabuo?<br>• Maituturing ba na talento ang ginagawa ng bata sa larawan?<br>Bakit?<br>• Ikaw ba ay may talento tulad ng nasa larawan? Ano ito at paano mo ito maipagmamalaki? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Source: www.canva.com<br><br>Tanong:<br>1. Ano ang nakikita ninyo sa mga larawan?<br>2. Sa tingin ninyo, ang mga bata ba sa dalawang larawan ay masaya?<br>3. Sino sa inyo ang mahilig sumayaw at kumanta? | 1. Ano ang inyong naramdaman habang kayo ay sumasayaw? | mag-aaral ang mga nakasulat sa pisara. | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ipapahayag ng guro ang layunin ng aralin.<br>Ngayong araw maibabahagi ang pansariling kakayahan at talento sa malikhaing paraan | Ipapahayag ng guro ang layunin ng aralin.<br>Ngayong araw, ipagpatuloy natin ang ating aralin na maibabahagi ang pansariling kakayahan at talento sa malikhaing paraan<br>(Halimbawa: pagguhit) | Ipapahayag ng guro ang layunin ng aralin.<br>Ngayong araw maibabahagi ang pansariling kakayahan at talento sa malikhaing paraan | Ipapahayag ng guro ang layunin ng aralin.<br>“Ngayong araw, ipagpapatuloy natin ang ating aralin kung saan kayo ay magbabahagi ng inyong pansariling kakayahan at talento sa malikhaing paraan.” (Halimbawa: pagsasagawa ng kilos) |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | (Halimbawa: pagguhit) | | (Halimbawa:<br><br>pagsasagawa ng kilos | |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br><br>*sa Aralin* | Ipakikilala ng guro ang sumusunod na mga salita sa pisara:<br><br>*talento*<br><br>*kakayahan*<br><br>*sayaw*<br><br>*pagguhit*<br><br>*pagkanta*<br><br>*(Babasahin ng guro sa mga bata ang mga nakasulat sa pisara)*<br><br>Ipapaliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap. | 1. Ipakikilala ng guro ang mga sumusunod na salita na nasa pisara:<br><br>*pagkanta*<br><br>*Pagtula*<br><br>*pagsulat*<br><br>*(Babasahin ng guro sa mga bata ang mga nakasulat sa pisara.)*<br><br>Ipapaliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap. | 1. Ipakikilala ng guro ang mga sumusunod na mga salita sa pisara:<br><br>*Talento*<br><br>*Kilos*<br><br>*Pagsasagawa*<br><br>*kakayahan*<br><br>*(Babasahin ng guro sa mga bata ang mga nakasulat sa pisara.)*<br><br>Ipapaliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap. | Ipakikilala ng guro ang mga salitang nakasulat sa pisara at gagamitin ito sa pangungusap.<br><br>*maibahagi*<br><br>*talento*<br><br>*pagsasagawa ng kilos*<br><br>*kakayahan* |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang* | Pagbasa ng mga mag-aaral sa | Ipababasa ng guro sa mga bata ang mga sumusunod | Ipakakanta ng guro sa | Ipanoood ang bidyo na ito tungkol sa |





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pag-unawa/ Susing Ideya* | patnubay ng guro.<br><br>*Ang bawat bata ay may taglay na iba't ibang kakayahan o talento.*<br><br>*Ang kakayahan ay isang patunay na ang isang bagay ay kaya mong gawin kung saan ka magaling. Ito ay napapaloob sa iyong mga talento, abilidad, at kaalaman sa maraming bagay na kaya mong gawin.* | na pangungusap.<br><br>Bibigyan ng puna ng guro ang kanilang mga ginawa.<br><br>Tayong lahat ay pinagkalooban ng Diyos ng iba't ibang talento o kakayahan. Ang mga talentong ito ay dapat nating pangalagaan at ibahagi sa iba.<br><br>*(Ipabasa ng guro sa mga bata ang nakasulat sa pisara)* | mga bata ang "Ako ay may Lobo" na may kasamang aksyon.<br><br>*Ako ay may lobo Lumipad sa langit 'Di ko na nakita Pumutok na pala Sayang ang pera ko*<br><br>*Binili ng lobo Sa pagkain sana Nabusog pa ako* | batang may maraming talento.<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=B77VCDlDSqA<br><br>Tanong:<br><br>1. Tungkol saan ang napanood ninyo?<br>2. Sino ang bata sa kwento?<br>3. Ano-ano ang mga talento ni Ento?<br>4. Bakit nagmukmok si Ento sa kanyang kuwarto?<br>5. Kung ikaw si Ento, ano ang gagawin mo? |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Magpapakita ang guro ng mga larawan ng iba't ibang kakayahan at talento ng isang bata. | Papanoorin ng mga bata ang bidyong ito.<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=7TKqm5Z72DI<br><br>*(Maaaring humanap ng ibang bidyo ang guro)* | Tayo ngayon ay maglalaro ng *Charades.*<br><br>Alam niyo ba kung ano ang *charades*?<br><br>Ito ay isang laro kung saan huhulaan ninyo kung ano a ng | Ano ang gagawin mo kung ikaw ay nagkamali sa isang paligsahan?<br><br>Papangkatin ng guro ang mga bata. Sa kuwentong napanood, isasagawa ng mga bata ang mga talento ni Ento at isasakilos ito sa harap ng klase.<br><br>Isasagawa ito sa saliw ng musika.<br><br>Bibigyan ng sapat na oras ng guro ang mga bata para maisagawa ang |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br><br><br>Source:Canva.com<br><br>Tanong:<br><br>1. Ano-ano ang mga nakikita ninyo sa mga larawan?<br><br>2. Alin sa mga larawan ang kaya ninyong gawin?<br><br>3. Kung ikaw ay may talento sa pagkanta, pagsayaw, at pagguhit, ano ang dapat mong gawin sa mga talentong ito?<br><br>4. Paano mo ibabahagi ang iyong talento o kakayahan sa ibang tao? | *Tanong:*<br><br>*1. Tungkol saan ang pinanood ninyong bidyo?*<br><br>*2. Ano-anong mga talento ang nabanggit sa bidyo?*<br><br>*3. Gumuhit ng isang talento na nabanggit sa bidyo at kulayan ito.*<br><br>*Bibigyan ng guro ng sapat na oras ang mga bata upang makagawa.* | ikinikilos ng isang leader na hindi nagsasalita.<br><br>Dapat mahulaan niyo ito sa loob ng isang minuto.<br><br>Ang bawat leader ay bubunot ng mga salita at ito ay kanilang pahuhulaan sa mga miyembro.<br><br>Mga salitang pahuhulaan:<br><br>*Sayaw*<br><br>*Kanta*<br><br>*Tula*<br><br>*Pagguhit*<br><br>*Paglangoy*<br><br>(Maaaring maghanap ng ibang ipalalaro ang guro) | gawain.<br><br>(Bibigyan ng puna ng guro ang presentasyon ng mga mag-aaral) |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman* | *Iba't ibang talento o kakayahan.* | Bibigyan ng puna ng guro ang kanilang | 1. Ano-anong mga talento | kailangan paghirapan nating ibahagi ang ating talento sa iba. Sa |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | *Dapat natin itong pangalagaan at ibahagi sa iba.*<br><br>*(Ipabasa ng guro sa mga bata ang nakasulat sa pisara).*<br><br>Tatawag ang guro ng bata upang ipakita sa harap ng klase ang kanyang talento. | mga ginawa.<br><br>Tayong lahat ay pinagkalooban ng Diyos ng iba't ibang talento o kakayahan. Ang mga talentong ito ay dapat nating pangalagaan at ibahagi sa iba.<br><br>*(Ipabasa ng guro sa mga bata ang nakasulat sa pisara).* | ang ipinakita sa isinagawang laro?<br><br>2. Ano ang naramdaman ninyo habang isinagawa ang laro?<br><br>3. Ano ang dapat mong gawin sa iyong mga talento? | pamamagitan ng paggamit ng ating mga talento mas lalo pa tayong humuhusay.<br><br>Huwag mawalan ng pag-asa at dapat may tiwala sa sarili upang lalong malinang ang iyong talento. |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Ano ang iyong gagawin sa talento o kakayahang ipinagkaloob sa iyo ng Diyos? | Ano ang natutuhan mo sa ating aralin? | Paano mo maibabahagi ang iyong talento sa iba? | Bilang isang bata, paano mo maipagmamalaki ang iyong talento? |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Panuto: Iguhit sa loob ng kahon ang iyong talento o kakayahan at kulayan ito. | *Iguhit ang masayang* ☺ *mukha kung ang pangungusap ay nagsasaad ng tama at malungkot* ☹ *na mukha kung mali.*<br><br>_____*1. Si Jose ay masayang ibinabahagi ang kanyang talento sa pagsayaw sa kaniyang* | *Lagyan ng √ kung ang mga pahayag ay tama at X kung hindi.*<br><br>____*1.Lalong yumayabang si Wally dahil siya ay sikat sa larangan ng pagguhit.* | Panuto: Pagtambalin ang mga larawan sa hanay A at kahulugan nito sa hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot.<br><br>Hanay A Hanay B |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *kaklase.*<br><br>______*2. Nag-eensayo sa Miah sa kanyang pag-awit sapagkat siya'y sasali sa isang patimpalak sa pagkanta.*<br><br>______*3. Si Marcuz ay mahilig sumayaw, pero nahihiya siyang ibahagi ito sa kanyang mga kaklase.*<br><br>______*4. Pinagtatawanan si Ashley dahil hindi siya marunong sumayaw.*<br><br>_____*5.Pinasasalamatan ni Sarah ang Diyos sa talentong ipinagkaloob sa kanya.a* | ____*2. Masayang nag-eensayo araw- araw si Kenzo para sa nalalalapit na paligsahan.*<br><br>____*3.Nahihiyang sumali sa paligsahan si Razel kahit siya ay magaling kumata.*<br><br>_____*4. Ang ating talento ay dapat nating ipagmalaki at ibahagi sa iba.*<br>____*5. Sa pamamagitan ng pag-eensayo, mapauunlad at mapapabuti pa ang ating mga talentong taglay.* | 1.  a. paglangoy<br><br>b. pagtula<br>c. pagsayaw<br>d. Pagguhit<br>e. pagkanta<br><br><br>2.<br><br>3.<br><br>4. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Sa gabay ng iyong magulang iguhit sa isang malinis na puting papel ang talento o kakayahang taglay mo at kulayan ito. | Tanungin ang miyembro ng pamilya kung ano ang talento o kakayahang taglay nila at iguhit ito. | Sa gabay ng magulang magpakuha ng bidyo habang ipinapakita ang iyong talentong taglay sa kanila. | PICK AND TELL-(tingnan ang curriculum guide). Palitan ang pamagat tulad ng:<br>IPAKITA ANG GALING MO! Titulo ng gawain. Magpaikot ng bote tulad ng TRUTH OR CONSEQUENCE na laro para maituro kung sino ang magtatanghal at magpapakita ng talento sa iba't-ibang larangan (SUMAYAW, KUMANTA, TUMULA, o UMARTE, pwedeng GUMUHIT sa pisara). |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph